




Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula



| | |
|-----------|---|
| JANUARY | <i>Makugihon</i> |
| FEBRUARY | <i>Mahigugmaon</i> |
| MARCH | <i>Matinabangon</i> |
| APRIL | <i>Matinahuron</i> |
| MAY | <i>Mahapsay og Malimpyo</i> |
| JUNE | <i>Maabtik og Masunod sa Ihsaklong Oras</i> |
| JULY | <i>Maantigo og Maabilidad</i> |
| AUGUST | <i>Maginhuhuhunaon para sa Uban</i> |
| SEPTEMBER | <i>Madaginoton</i> |
| OCTOBER | <i>Matinud-anon</i> |
| NOVEMBER | <i>Masaligan</i> |
| DECEMBER | <i>Maalampunon</i> |

6



Araling Panlipunan

Ikalawang Markahan- Modyul 6: Pananakop ng mga Hapones sa Pilipinas



Name of Learner: _____

Grade & Section: _____

Name of School: _____

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maria Shiela A. Fermocil

Editor: Genevieve C. Bael

Tagasuri: Florence S. Gallemit

Tagaguhit: Cristito G. Elumba Jr.

Tagalapat:

Tagapamahala: Isabelita M. Borres, Ed.D – Regional Director

Eugene B. Penales, Ed.D- CLMD Chief

Sonia D. Gonzales, Ed.D - EPS In Charge of LRMS

Sonia D. Gonzales, Ed.D - Regional ADM Coordinator

Ella Grace M. Tagupa, Ed.D - CID Chief

Jephone P. Yorong, Ed.D - Division EPS In Charge of LRMS

Jephone P. Yorong, Ed.D - Division ADM Coordinator



Alamin

Sa araw na ito, ating inaasahang at gawing nakalaan para sa araling ito:

Pagkatapos ng modyul, ikaw ay inaasahang:

- *Nasusuri ang mga patakaran at resulta ng pananakop ng mga Hapones



Balikan

Tukuyin ang pangyayaring naganap sa mga sumusunod na petsa. Piliin ang titik na tamang sagot sa ibaba at isulat sa patlang na nakalaan bago ang bilang.

- | | |
|-----------------------|---|
| 1. Disyembre 8, 1941 | a. Ang Maynila ay ginawang Open City |
| 2. Disyembre 26, 1941 | b. Sumuko si Heneral Wainwright sa mga Hapon |
| 3. Pebrero 20, 1942 | c. Sumalakay ang hukbo ni Homma sa Bataan |
| 4. Marso 11, 1942 | d. Sinalakay ng Hapones ang Pearl Harbor |
| 5. Abril 9, 1942 | e. Inalis si Quezon sa Corregidor |
| 6. Mayo 6, 1942 | f. Si MacArthur at ang kanyang pamilya ay nagtungo sa Australia |



Tuklasin

Isang bagong pamahalaan ang itinatag ng mga Hapones. Itinalaga nila si Jorge Vargas bilang tagapangulo ng Philippine Executive Commission. Sa bisa ng Executive Order No. 109, itinatag ang Kapisanan sa Paglilingkod sa Bagong Pilipinas (KALIBAPI), ang tanging partidong politikal na pinahintulutan ng mga Hapones sa Pilipinas.

| Larangan | Mga Pagbabagong Ipinatupad |
|-----------------------|---|
| Pampulitika | <p>Hinirang si Jose P. Laurel bilang pangulo ng bagong republika ng Pilipinas.</p> <p>Tinaguriang "puppet government" ang pamahalaan noong panahon ng mga Hapones dahil walang kapangyarihan ang mga pinuno nito na magpatupad ng mga programa at gumawa ng sarili nilang pagpapasiya. Bagkus ay naging sunod-sunuran ito sa kagustuhan ng mgs Hapones.</p> <p>Lumaganap ang kahirapahan dahil sa (a) pagtigil ng mga maggagawa at magsasaka sa pagtatrabaho sa takot na maging biktima ng pagmamalupit ng mga Hapones; at (b) pagtaas ng presyo ng mga bilingin dahil sa kakulangan ng suplay ng mga pangunahing pangangailangan .</p> |
| Pang-ekonomiya | <p>Sapilitang ipinatanim ang bulak dahil kailangan ito ng mga Haponessa paggawa ng dinamita.</p> <p>Nagpalabas ng salapi ang mga Hapones. Tinawag itong "mickey mouse money" dahil sa kakulangan ng mahahalagang impormasyon sa disenyo nito. Tinawag din itong "gurami", maliliit na isda na kahit madami ang bilang ay walang halaga; o "apa", dahil parang mahina o mapurok ito--- ang mga katawagang ito ay nagpapahiwatig na walang halaga ang naturang salapi.</p> |
| Pangkultura | <p>Sinupil ng mga Hapones ang kalayaan ng mga Pilipino. Nagpatupad ng paghigpit sa mga pahayagan at inalis mula sa mga batayang aklat na ginamit sa mga paaralan ang anumang patungkol sa kulturang Amerikano at sa English.</p> <p>Nagpatupad ang mga Hapones ng mga patakaran upang ibalik ang pagiging Asyano ng mga Pilipino na pinaniniwalaan nilang nawala ng dahil sa pananakop ng mga Kanluranin. (Espanya at United States) Itinuro nila ang wikang Nippongo.</p> |

| | |
|--|--|
| | <p>Nagpalabas sila ng mga dokumentaryo tulad ng "Song of the Orient" at "The Dawn of Freedom" tungkol sa pagwawagi ng mga Hapones sa Bataan at Corregidor. Pinatutugtog din nila ang "Awit sa Paglikha ng Bagong Pilipinas" kapalit ng "Lupang Hinirang" sa mga opisyal na gawain at pagtitipon.</p> <p>Ayon sa salaysay ng mga nabuhay noong panahon ng mga Hapones, nabalot ng takot at lagim ang Pilipinas noon.</p> |
| <p style="text-align: center;">Panlipunan</p> | <p>Labis na kinatakutan ang malupitat buktot na pamamaraan ng mga kempeitai o pulis-militar ng Japan sa mga Pilipino. Sa Fort Santiago karaniwang isinasagawa ang pagpaparusa at pagpapahirap, maaari din para sa pagkuha ng impormasyon, sa mga Pilipinong pinaghinalaang mga gerilya. Ilan sa mga paraan nito ay ang pinugutan, tinubig, kinulata at binilad. Naging laganap ang pang-aabuso sa kababaihan sa panahon ng okupasyong Hapones.</p> <p>Upang pigilin ang anumang tangka sa pag-aalsa o paglaban sa Japan, nagbayad ang mga Hapones ng ilang Pilipino para mag-espiya para sa kanila. Tinawag ang mga espiyang Pilipino na ito na buslo.</p> |



Suriin

Sagutin ang mga katanungan. Isulat sa patlang ang inyong mga sagot

1. Ano ang tawag sa pamahalaang itinatag ng mga Hapones sa Pilipinas?
2. Sino ang naging pangulo ng Philippine Executive Commission?
3. Bakit tinawag na puppet ang pamahalaan sa panahon ng pananakop ng Hapon?
4. Paano binago ng mga patakarang Hapones ang lipunang Pilipino?
5. Mayroon bang mabuting bunga ang mga nasabing patakaran?
6. Nakabuti ba o nakasama ba ito sa kalayaan ng bansa? Paano?
7. Paano kaya nakaimpluwensiya sa paraan ng pamumuhay ng mga Pilipino ang pananakop ng mga Hapones?



Pagyamanin

Gawain I. Bumuo ng isang larawan o simbolong maglalarawan sa motibo ng pananakop ng Hapon sa Pilipinas. Gayundin, upang higit na maging makabuluhan ang iyong ginawa ay bigyan mo ito ng angkop na pagpapaliwanag. Gawin ito sa mga nakalaang espasyo sa ibaba.

| Iguhit dito ang napili mong simbolo | Motibo ng Pananakop ng mga Hapones |
|-------------------------------------|------------------------------------|
| | |

Gawain II.

Sino ang tinutukoy sa bawat bilang? Binigay ang unang titik ng pangalan para makatulong sa pagsagot.

- Pangulo ng Philippine Executive Commission
J _____
- Pangulo ng Ikalawang Republika
J _____
- Namuno sa puwersang Hapones sa pananakop nito sa Pilipinas
M _____
- Nagbilin ng Gawain kay Jose P. Laurel nang lisanin niya ang bansa patungong Australia
M _____
- Unang Direktor-Heneral ng KALIBAPI
B _____

Gawain III. Bilugan ang T kung ang pangungusap ay tama at M kung ito ay mali.

| | | |
|---|----------|----------|
| 1. Sinundan ng KALIBAPI ang propaganda ng Japan, sang –ayon sa Greater East Asia Co- Prosperity Sphere, sa pagtataguyod ng “ Pilipinas para sa mga Pilipino | T | M |
| 2. Naging Malaya mula sa pagbabantay ng mga opisyal na Hapones ang mga pahayagan upang mahikayat ang mga manunulat na mag-ambag | T | M |
| 3. Itinatag ng mga Hapones ang Philippine Executive Commission na may tatlong kagawaran upang magsilbing pamahalaang sentral | T | M |
| 4. Tinawag na puppet government o tau-tauhan ang pamahalaang itinatag dahil kahit na mga Pilipino ang hinirang na lider ay sunod-sunuran ito sa utos ng Japan | T | M |
| 5. Kinumpiska ng mga Hapones ang salapi at ginto sa bansa at pinalitan ito ng salaping papel na mataas ang halaga kaya tinawag na Mickey money | T | M |




Isaisip

- Ang “Asya Para sa Asyano” at “Greater East Asia Co – Prosperity Sphere” ang ginamit na islogan ng Hapon sa pananakop sa Asya.
- Ang bansang Hapon ay isa sa mga pangunahing tauhan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
- Ang Pilipinas ay nasangkot sa digmaang ito nang lubusin ito ng mga Hapones noong Disyembre 8, 1941, ilang oras matapos pasabugin ang Pearl Harbor sa Hawaii.
- Sa pangunguna ni Douglas MacArthur ay nabuo ang USAFFE. Ito ay ang pinagsanib na lakas ng mga hukbong Pilipino at Amerikanong magiting na lumaban sa puwersa ng mga Hapones.
- Idineklara ni MacArthur na Open City ang Maynila upang ito ay iligtas sa trahedyang digmaan na sa kasawiang palad ay hindi rin nakaligtas sa kalupitan ng mga Hapones.
- Pangunahing layunin ng mga Hapon sa pagsakop sa ating bansa ay ang pag – isahin ang mga bansa sa dulong Silangang Asya para sa kaunlarang pang – ekonomiya ng rehiyon.
- Dagdag na layunin ang paglawak ng kanilang teritoryo dahil sa paglobo ng kanilang populasyon, pagkakaroon ng pamilihan ng kanilang kalakal at gamitin ang likas na yaman ng Pilipinas sa kagamitang panteknolohiya at pandigma.
- Pinangakuan ng mga Hapon ang Pilipino ng kasarinlan upang mahikayat ang huli na sumunod sa kanilang mga patakaran.

Gawain

Sa kasaysayan ng daigdig, dalawang malalaking digmaan ang nangyari at ang mga ito ay pumatay sa napakaraming tao. Bata man o matanda, sibilyan man o sundalo, inosente man o may kasalanan ay di nakaligtas sa nakalulunong bunga ng mga digmaang pandaigdig.

Ikaw bilang kabataan, ano ang maaari mong gawin upang maiwasan ang mga digmaan o mga paglalaban – laban ng mga bansa o maging ang mga digmaang sibil sa loob ng isang nasyon? Buoin ang chart sa kabilang pahina sa pamamagitan ng paglalahad ng mga simpleng bagay na maaari mong gawin upang maiwasan ang digmaan at makamit ang mapayapang sandaigdig.



Tayahin

- Natutukoy ang mahahalagang detalye tungkol sa pananakop ng mga Hapones. Piliin sa hanay B ang tinutukoy sa hanay A. Titik lamang ang isulat sa patlang bago ang bilang.

Hanay A

- _____ 1. Nagtungong Australia si MacArthur
- _____ 2. Idineklarang Open City ang Maynila
- _____ 3. Sinalakay ng mga Hapones ang Pearl Harbor
- _____ 4. Unang kumander ng USAFFE
- _____ 5. Ang pangako ng mga Hapon sa Pilinas

Hanay B

- a. kasarlan
- b. Douglas MacArthur
- c. Disyembre 26, 1941
- d. Marso 11, 194
- e. Disyembre 8, 1941

B. Basahing mabuti ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Anong uri ng pamahalaan ang pinamumunuan ni Jose P. Laurel noong panahon ng pananakop ng mga Hapones sa Pilipinas
A. totalitarian B. Puppet C. Malaya D. Demokratiko
2. Bakit tinawag na Puppet Republic ang pamahalaan ng Ikalawang Republika ng Pilipinas?
A. ang pangulo ay napasailalim sa kapangyarihan ng mga Hapones.
B. Palaging nagtatanghal ng mga puppet shows ang mga Hapones
C. Pinamamahalaan ng mga Hapones ang bansa.
D. Pilipino lahat ang mga namumuno
3. Ano ang naging implikasyon nang pag-alis ng mga Hapones sa mga lapiang pulitikal ng bansa?
A. pag-alis ng kabuhayan C. pag-alis ng pamahalaan
B. pag-alis ng kalayaan D. pag-alis ng mga samahan
4. Ang mga Pilipino noong panahon ng pamumuno ng mga Hapones ay namuhay sa takot at pag alinlangan. Alin sa mga sumusunod ang tawag sa uri ng pamahalaan na pinamumunuan ng mga Hapones?
A. Panahon ng Kahirapan C. Panahon ng Kasaganaan
B. Panahon ng Kadiliman D. Panahon ng Pandemya
5. Alin sa mga wika sa ibaba ang itinuro at ipinagamit sa mga paaralan?
A. Ingles B. Filipino C. Kastila D. Niponggo

Karagdagang Gawain

Ano ang iyong saloobin at opinion kaugnay ng pagtangi ng mga Amerikano na kilalanin ang pamahalaan ng Ikalawang Republika at tawagin itong puppet government ? Ipaliwanag ang iyong sagot.

| |
|---------|
| Tayahin |
| 1. D |
| 2. C |
| 3. E |
| 4. B |
| 5. A |
| B.1.B |
| 2.A |
| 3.B |
| 4.B |
| 5.D |

| |
|----------------------------|
| Pagyamanin |
| Sariling sagot ng mga bata |
| 1. Jose Vargas |
| 2. Jose P. Laurel |
| 3. Masaharu Homma |
| 4. MacArthur |
| 5. Benigno S. Aquino |

| |
|---------|
| Subukin |
| 1. D |
| 2. A |
| 3. E |
| 4. F |
| 5. C |
| 6. B |

Sagunian

Araling Panlipunan 6 TG – pahina 402-405

Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino 6 – pahina 155-160

Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

“And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?”

And the LORD replied “My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!



Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing
breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.

